# Pag-imbentaryo ng DPWH sa mga proyekto sa QC, hingi ni Mayor Joy B

Hiniling ni Quezon City Mayor Joy Belmonte sa pamunuan ng Department of Public Works and Highways (DPWH) ang pag-imbentaryo sa lahat ng mga proyekto ng ahensiya sa lungsod.

Ito ayon kay Belmonte ay upang matiyak na hindi magkaroon ng duplication ang anumang proyektong gagawin ng DPWH sa lungsod.

Nakipagpulong na si Belmonte sa mga opisyal ng DPWH at igniit nito na gawing mahusay ang koordinasyon ng city government sa usapin ng mga ginagawa at gagawin pang proyekto.

Nais din ni Belmonte na kahit mga national projects ay dapat nakakasunod sa mga local ordinances,local building code, mga itinakdang pamamaraan, mga mandato tulad ng all-gender restroom, at iba pa.

Sa ginagawang pag-inspeksyon, nadiskubre ni Belmonte na maraming sagabal sa sidewalks tulad ng mga barangay halls ay mga proyekto ng DPWH.

Isa na ang Damayang Lagi barangay hall ang giniba ng QC Hall kasama ang DILG at MMDA na nakatayo sa sidewalks na kabilang sa naapektuhan ng clearing operations ng lokal na pamahalaan. *(Angie dela Cruz)*